# Gabay sa Gurong-Lingkod

Marami rin sigurong grupong kagaya naminsa mga private school sa siyudad. Pihadong lihim din silang kinaiinisan ng mga ayaw paistorbo sa maluwalhating pagkukutingting sa mga gagamiting visual aid.  At kinabubuwisitan ng mga nakikipagkarera para makahabol sa official time na alas-7:20 ng umaga.

Ang aaga naming pumapasok para lang magtsismisan.  Madaling maintindihankung bakit namin 'to ginagawa.  Lalo kung nakakita ka na ng tandang na pumapagpag ng dibdib bago tumilaok. O kung nasikmura mong manood ng mga gumagawa ng poso-negro.  Ito 'yongmalalim na hugot ng hininga bago lumusong sa lawa ng dumi.  Bago tulugan ng magagaling naming estudyante ang pinagpuyatan naming lesson plan.  Bago ang tirik na tirik na pag-irap ng mga nasasaktan sa aming opinyon at nakokornihan sa aming mga biro.  At bago pa kami sumandal sa pisara sa pagkahapo sa kalagitnaan ng pagtuturo.

Lalo kapag walang grades o quarterly exam na tatapusin, ako pa ang mauuna sa faculty dining area.  Malimit na wala pang dyanitor kaya magkukusa na akong sindihan ang ilaw at isaksak ang water dispenser. Aalis at babalik na lang ako kapag nasilip kong may mga *Lock & Lock* nang nakabukas sa mesa.  O di kaya nama'y nailatag na ang saging, tinapa, itlog, oatmeal, papaya, at *Dole* pineapple na lalantakan sa umaga.  Mag-aalukan kami sa isa't isa ng kape. Magpapansinan ng mga pagkaing akala mo'y noon lang naamoy o nakita samantalang araw-araw namang ibinubuyanyang sa mesa. Magpapansinan hanggang sa mapansin kung sino ang nagpagupit o bumili ng bagong sapatos o bagong modelo ng Samsung.  At magpapalakasan ng tawa sa mga kuwentong ilang ulit nang napagsanga-sanga sa mesa ring iyon. Wala kaming pakialam

sa mga estudyanteng nagdaraan at tanaw na tanaw sa bintana.  Sila pa naman ang madalas na paksa ng usapan—‘yong mga nahuling naghahalikan sa likod ng stage, ‘yong nagbenta ng brownies sa mga kaklase, ‘yong naglako ng mga inumit na test paper sa halagang tatlong daang piso ang isa, at siyempre, ‘yong dalawang estudyanteng sa kabagutan ay ngumata ng tsok.  Mabuti kung maulan at hindi kami naririnig sa labas. Pero sa mga karaniwang araw, ang taginting ng aming tawa ay sapat nang magpalingon sa mgaestudyanteng may pasak pang earphone sa tainga.  Sa kabila pa ito ng motor na pinaaatungal ng hardineropara ipunin ang mga dahong nagkalat sa damuhan tuwing umaga.

Mantakin mong pagkatapos ng kulang-kulang sa isang oras na usapan ay natatangay ko minsan sa klasrum ang mug ko ng kape na lumamig na’t lagpas pang kalahati ang laman.  Ang sabi ng science teacher sa aming grupo, sa past life daw namin ay malamang na mga ruminantskami.  Kagaya ng mga baka, hindi kami basta na lang ngumangata o lumulunok.  Oras ang pinalilipas namin sa pagnguya ng mga palaisipan.

Bakit ‘yong opening prayer sa miting ay parang parinig sa mga may tanong tungkol sa suweldo?  Bakit ‘yong bagsakin ang nasisipa, hindi ‘yong nagkokodigo? Bakit kailangang galing sa agency ang mga dyanitor?  At bakit pinagsasayaw o pinakakanta ang mga baguhang titser ‘pag may program? Bakit pabata nang pabata ang mga titser at iilan lang ang tumatanda sa eskuwelahan?  Bakit wala tayong unyon samantalang nagpapabasa tayo ng mga nobelang tungkol sa kapakanan ng mga manggagawa?

Bibihira akong umabsent sa mga sesyon namin sa dining area.  Nakakaluwag kasi ng loob na malamang marami-rami ring mas miserable ang kalagayan kaysa sa iyo.  Ang inaayawan mo'y isinusuka pala nila kagaya ng  mga espesyal na sesyon sa klase na kailangang may iskrip na kukunin mo pa sa opisina ng assistant principal.  Ang nakapagtataka nga lang ay may mga nagtatagal sa eskuwelahan  sa kabila ng mga naipong reklamo. Sa tagal ng kanilang karanasan, kahit ang mga kuwentong nailahad lang nila sa ngalan ng pakikipagkapwa't pagbibidahan ay mas matimbang pa sa mga teoryang inaral ko sa Education.

Tumatak sa isip ko ang kuwento tungkol sa isang titser sa Christian Living na walang kamali-malisyang nagtanong daw sa kanyang co-teacher kung ano ang eksena sa loob ng isang night club.  Nagkuwento naman itong si co-teacher tungkol sa pakindat-kindat na mga ilaw, sa mga babaeng pagiling-giling ng baywang nang may nakakabit na numero sa tagiliran, atsa magugulong naglalasing sa paligid. Pinutol daw ng titser sa Christian Living ang pagpapaliwanag niya. “Alam mo,” sabi raw nito, “kahit ilang araw tayong mag-usap dito, hindi kita maiintindihan.” Na itinuring namang hamon ni co-teacher.  Nauwi ang hamunan sa pagdalaw ng dalawang titser ng isang Catholic school sa isang night club sa Antipolo na ang tawag ay Lang-Lang.

Sa karanasang iyon natuklasan ng teacher sa Christian Living ang kanyang tagong talino. Nakalikha siya ng isang ballad na ang lyrics at tono ay kabisadong-kabisado pa no'ng co-teacher:

*Nang una kang makita,*
*kumutitap ang langit*
*at sumayaw ka.*
*Nang bigla kang lumapit*

*at ako'y hinagkan mo,*
*hindi ko malimutan,*
*tandang-tanda ko pa*
*at ako'y 'minulat mo*
*sa hubad na katotohanan*
*nang ako'y hinagkan mo.*
*Bakit isa lang, lang, lang….*

Naikonekta ni Christian Living teacher ang karanasang ito sa kanyang paksa sa klase noong linggong iyon na bautismo. Kinanta niya ang kanyang komposisyon sa harap ng mga estudyante niyang nagdadalaga. At nagawa niyang ipantahi sa konsepto ng binyag ang isang tanong: Paano mo makikilala ang liwanag kung hindi mo pa nakikita ang dilim?

Hindi kalabisang sabihin na radikal ang epekto ng salaysay na ito sa akin. Madalas akong mautal noon sa pagtuturo. Bawat salitang pakakawalan ko sa harap ng mga estudyante ay itinuturing kong boomerang. Baka bastos. Baka isumbong ako sa mga magulang. Baka isumpa ako ng mga bata sa mga blog nila. Baka ipatawag ako ng prinsipal. Ang resulta: matabang na pagtanggap na may kasama pang irap mula sa mga estudyante. Alam nilang binobola mo lamang sila. Hindi ka handang marumihan upang ipaunawa ang ibig sabihin ng kalinisan.

Mula noon, sinikap kong mag-ipon pa ng mga karanasan. Bawat yaya sa akin na umakyat sa ganito o ganiyang bundok, sumasama ako. Kahit sinong yumaya sa akin na magboluntaryo para sa Gurong-Lingkod ay hindi kailangang magdalawang-salita.

Sa pagitan ng Abril at Mayo, nagpapadala ang aming eskuwelahan ng mga titser sa ilang liblib na lugar para magturo sa mga kapwa titser. Walang

kumukuwestiyonsapangalan ng proyekto dahil hindi sapilitan ang pagsali rito. Kung tutuusin, isa nga itong libreng bakasyon. Pero kailan pa hindi naglilingkod ang isang guro? Sa ibang hanapbuhay, pag-uwi mo sa bahay, tapos na ang trabaho at puwede ka nang matulog. Samantala, pag titser ka, pagdating mo sa bahay, magtsetsek ka pa ng papel, mag-iisip ng mga pakulo sa klase at magdidisenyo ng mga powerpoint. (Sabadong-Sabado ay nakikipagbanggaan ako ng siko sa mga palamurang kabataan sa kompiyuteran sa kanto para lang mag-encode ng mga grades.)

Hindi sa hindi pa ako nakakapag-volunteer. Minsan na akong naipadala sa tuktok ng isang bundok sa Gensan na kung tawagin ay T'morok. Doon ko nalaman na P1,500 ang buwanang suweldo ng mga nagtuturo sa mga batang B'laan. Ang bonus sa kanilang trabaho ay ang ilog na kailangang tawirin nang labingwalong ulit, mga nanghahagad na ahas, at mga bandidong pagala-gala.

Dahil dito, inisip kong handang-handa ako nang yayain ako ng tatlo kong katrabaho na mag-Gurong-Lingkod sa isla ng Polilio.

Isang linggo bago ang pagpunta sa Polilio ay saka ko lang nalamang hindi talaga sa Polilio ang aming punta. Sa Burdeos daw pala, ang katabing-bayan ng Polilio sa isang isla kung saan hindi hustong isang araw na may koryente. Nalaman ko rin na dalawa ang magiging paksa namin—journalism na ituturo sa mga estudyante at stress management naman para sa mga titser. Ang tanging alam ko sa journalism ay napulot ko sa isang seminar noong nasa elementarya pa ako. Pero alangan akong magturo ng stress management sa mga titser sa isang tahimik na isla.

Isang linggo kong inaral ang journalism. Nanghiram ako ng mga libro sa aming library. Araw-araw, sa loob ng isang linggo, bumibili ako ng tig-iisang kopya ng Inquirer, Abante Tonite, at Bulgar. Nagawa ko pang komunsulta sa site ng Poynter Institute sa Internet. Dito ko nalaman na isa sa mga pamantayan kung newsworthy ang isang pangyayari ay ang proximity. Ano ba ang kabali-balita sa isang islang nakilala lang sa pagiging bagyuhin? Ano ang ituturo ko sa mga bata roon? Ulat-panahon?

> "**Burdeos, Quezon—**Hindi nilubayan ng bagyong Loleng ang isla ng Polilio hangga't hindi nito natatangay ang kahuli-hulihang bisagra ng pinakamatatag na bahay sa isla."

Gayunman, naghanda ako. Kaya noong nakasakay na kami sa lantsang Calasumanga sa pier ng Real, sa pagkaatat kong magturo ay hindi ko na nagawang matulog sa loob ng higit sa dalawang oras na biyahe.

Pagdating namin sa Polilio, tinawagan ng isa kong kasama ang madreng kausap niya sa Burdeos. Bakit hindi raw sinabi agad na malapit na kaming dumating, sana raw ay nasabihan niya 'yong dyip na susundo sa amin. Magtraysikel na lang daw kami.

Magtatanghali na'y nagawa pa ng drayber na traysikel na mag-detour, bibili raw muna siya ng panggatong. Ang ibig sabihin pala'y magpapakarga siya ng gasolina. Bago ang malubak na daan, sementado muna ang aming dinaanan sa gitna ng mga palayan, eskuwelahan, at sementeryo. Pagkatapos magpagasolina, bigla na lang huminto ang traysikel sa tapat ng isang bahay na may malawak na bakuran. Sandali lang daw siya, sabi ng drayber. Kalahating oras kaming naiwang nahihiwagaan kung ano ang ginagawa ng drayber sa loob ng bahay. Baka nag-intrega ng kinita.

Nagpaalam siguro sa asawa.  Baka nagutom kaya kumain muna.  Pagbalik ng drayber, hindi nakatiis na magtanong ang isa sa mga kasama namin, “Manong,ang sarap umebak, ano po?”

Sa aming pagbabalik sa totoong ruta, tanaw naming nakaangat nang husto ang sementadong bahagi ng kalsada.  Alam naming mahihirapan sa pag-ahon ang traysikel dahil apat kaming sakay sa loob. May mga backpack pa kaming nakatali sa likod ng sasakyan.  Hindi namin inakalang dahil sa pinagsama-sama namingbigat at sa pagpupumilit ng drayber na maiahon ang traysikel ay bigla itong tataob.  Agad akong nakababa dahil nasa likod lang ako ng drayber at sinilip ko kung ano ang nangyari sa aking mga kasama sa loob ng kaha ng traysikel.  Hindi sila kumikilos.  Sa halip na magsikap na lumabas ng traysikel ay tawa sila nang tawang kumakawag-kawag ang mga paa sa ere habang pinamumulahan ang drayber na maitayo ang kanyang traysikel. Nalululuha-luha na rin ako sa katatawa nang bigla kong maisip hindi ako nakapagdala ng tsinelas.

Nang maitayo na ang traysikel ay todo paliwanag ang drayber.  Karaniwan na raw ang pangyayaring ‘yon doon dahil nakaangat ang kalsada.  Karaniwan na pala’y hindi pa kami sinabihan.  Kasi raw ‘yong mga politiko sa kanila, pag nasisira ang kalsada, hindi naman totohanang ipinaaayos kundi pinapapatungan lang ng semento. Kaya,hayun, sa kapapatong, tumaas nang tumaas ang kalsada.

Sa kitid ng aming dinadaanan, hampas nang hampas sa binti ko ang mga damo sa gilid ng kalsada.  Naiwasan ng drayber ang iba pang aberya. Suwabeng-suwabeng napakibagayan ng gulong ng traysikel ang mga labak na may kulay-putik at mamula-

mulang tubig.  Sa kalagitnaan ng aming biyahe papuntang Burdeos, lumipat kami sa isang dyip na nakaparada sa gilid ng isang pantalan. Higit sa kalahating oras kaming naghintay dahil hinintay rin ng drayber na mapuno ang kanyang sasakyan ng mga pasaherong magmumula sa paparating na bangkang de-motor.  Nagawa pa naming humabhab ng pansit sa isang tindahan habang naghihintay.  Dito pala'y pag sinabing puno, puno talaga dahil may mga sako at kahon pang isiniksik sa gitna ng dyip.  Halos wala nang puwang para sa aming mga paa.  Lumarga kaming ang bawat pasahero'y nakatalungkongparang isisilid sa burial jar.  Dito ko naulinigan ang himutok ng isang babaeng pasahero sa kanyang kausap.  Biro mo, sabi niya, ang dami ng lugar sa Pilipinas,tapos, sa Burdeos pa tayo nauwi.

Bukod sa mabato, makitid, at malubak na kalsada na kailangang pakibagayan ng drayber, may mga bahagi ring mabangin.  Napansin ko ang mga tumpok ng graba sa ilang bahagi na pinipigil ng mga kahoy na pinagkabit-kabit upang sundan ang kurba ng daan.  Pabulong kong hiniling na huwag naman sanang pakialaman pa ng mga politiko ang aming dinadaanan.

Mag-aala-una na nang marating namin ang eskuwelahang Mt. Carmel.  Tipikal na eskuwelahan sa probinsya.  May makalawang na gate. Nakapaikot ang mga kuwarto sa madamong patyo.  At sa ibaba ng isang stage ay may basketball court kung saan ibinibilad ang palay. Ang Mt. Carmel ang kaisa-isang private school sa Burdeos.

Dalawang madre ang nagpatuloy sa amin sa kanilang tirahang itinitiwalag sa campus ng isang hardin ng mga kamoteng-kahoy.  Noon pa lang ay nahiwatigan kong malaki ang magiging problema ko.  Bagong lampaso ang sahig nila.  Kung wala akong

tsinelas, kailangan kong hubarin nang hubarin at isuot nang isuot ang aking sapatos. Sa pag-aalala'y wala-sa-loob na ngiti ang naitugon ko sa pagbibida ng dalawang madre na napakamura ng kuha nila sa alimango na aming inuulam.

Nagpaalam ako pagkakakain na bibili ako ng tsinelas. Alam mo kung saan ang bilihan, tanong ng madre. Hindi po, pero magtatanong-tanong na lang po ako, sabi ko. Wala akong nakitang mga karatula sa daan maliban sa dalawang istrimer na nakasampay sa bakod na parehong nagpapaalala sa unang anibersaryo ng pagkamatay ng mahal nilang gobernador.

Sa pagtatanong-tanong sa ilang maliliit na tindahan, natuklasan kong may isang malaking groseri sa tabi ng munisipyo. Itinanong ko kaagad kung may tsinelas sila. Itinuro ng isa sa mga tindera ang bahaging itaas. Wala akong masyadong maaninag dahil madilim sa itinuturo niyang itaas. Noon ko nakumpirmang totoong may iskedyul ang kuryente sa isla. Pagpanhik ko sa ikalawang palapag, naaninawan ko sa isang sulok, sa gitna ng mga nakatambak na laruan at school supplies, ang isang metal frame na nakasandal sa dingding. Dito nakasabit ang mga tsinelas na sari-sari ang kulay. Pare-parehong Havana Club ang tatak. Tinanggal ko sa pagkakasabit ang isang pares na kulay-berde at hinubad ko ang sapatos ko para magsukat. Dahil ganoon naman talaga ang gagawin ng isang bumibili ng tsinelas, hindi ba? Pero sino'ng makakaalam na ang pansabit pala sa mga tsinelas ay mga pakong isang pulgadang ang haba?

Napalakas siguro ang tungayaw at pagmumura ko dahil nilapitan ako ng isang tindera. Takang-taka siya kung anong nangyari sa akin at sapo-sapo ko ang aking sakong. Sabi ko, may pako pala 'yong tsinelas, hindi n'yo man lang sinabi. Talagang

may pako po ‘yan, Sir, paliwanag niya habang tumatawang humahagikhik na tinatakpan ang bibig.  Tumigil lang siya sa paghagikhik nang hubarin ko ang medyas ko at nakita niyang dumadaloy na ang dugo.  Hindi n’yo po nakita, sir?  Gusto kong sabihin na buti sana kung kumukuti-kutitap ‘yong pako sa kadiliman ng kanilang tindahan.  Masakit po ba, Sir?  Umiling ako at totoo namang hindi gaanong masakit. Ang nagpapakirot lang ay ‘yong pagtawa niya.  May pahiwatig kasi sa kanyang tawa na mga dayo lang ang mapapako sa tinda nilang tsinelas.

Iika-ika akong bumaba sa hagdan, bitbit ang sapatos at ang napili kong tsinelas. Ipinaliwanag ko sa kahera ang nangyari.  Hiniling niyang ipakita ko sa kanya ang sugat na ginawa ko naman habang may kung ano siyang hinahalungkat sa kaha.  “Maliit lang pala,” puna niya sabay buhos ng alkohol sa sugat ko.  “Ok, na ‘yan, sir,” sabi niya, “ang namamatay lang sa amin dito na naganiyan din ay ‘yong mga nakatapak ng pamana sa isda.”Dalawa na sila ngayong natatawa habang pinanonood akong sumisipol sa hapdi. Ipinaliwanag kong kahit maliit ang tusok, puwedeng makamatay dahil sa tetanus.  Mas delikado po ang tusok kaysa sa hiwa o laslas.  Kaya itinanong ko kung nasaan ang malapit na ospital.  Wala raw na ganoon sa kanila.  Sa Polilio raw meron dahil ‘yon ang sentro.  Health center lang ang meron sa Burdeos.

Nakuha ko ang rimarim sa tetanus noong magpaturok ako ng tetanus vaccine sa isang pampublikong ospital.  Kuwento nang kuwento ‘yong doktorang nag-iniksiyon sa akin tungkol sa kanyang kakilala na natetanus dahil lang sa pagpapa-pedicure sa Quiapo.  Umabot daw sa kalahating milyon ang nagastos ng kakilala niya sa Valium at sa mga mamahaling antibiotics para lang makontra ang bagsik ng tetanus.

Nadatnan kong nagkukumpol-kumpol sa ilalim ng isang puno ang mga tumatao sa health center. Malamang na doon lang may signal dahil apat silang pare-parehong may hawak na cellphone. Isinalaysay ko sa kanila ang nangyari sa akin sa groseri. Pinapasok nila ako sa health center na ang tanging laman ay isang mesa sa ilalim ng nakangiting larawan ni GMA at kinakalawang na ref sa isang sulok. Pinaupo ako at kinuha ng isa sa mga nurse mula sa ref ang isang bed pan, mahabang gunting na pansipit, at botelya ng iodine. Habang nilulunod sa iodine ang aking sugat, sabi siya nang sabi na sana ay maturukan ako ng ATS (anti-tetanus shot). Baka meron daw sila n'on sa loob ng ref, ang kaso walang doktor na magrereseta at magtuturok. Sabi ko'y baka puwede naman na nurse na lang ang gumawa. "Ay, hindi pa po kami nurse," sabi niya, "nandito po kami para sa internship". Itinanong ko kung kailan magkakadoktor sa health center. Baka raw sa susunod na buwan pa. Pero kung gusto ko raw magpakonsulta ay pumunta na lang ako sa Burdeos National High School. May medical mission daw na magaganap doon sa darating na Miyerkules. Itinuring ko na ring suwerte ko iyon dahil hindi naman ako nasaksak na kailangan ng agarang lunas. At dalawang araw na lang ay Miyerkules na.

Dalawang araw akong balisa habang nagtuturo. Bukod sa iniinda kong sugat, dismayadong-dismayado rin ako dahil inakala kong mga estudyante sa hayskul ang aming tuturuan. Ang pinakabata sa grupo ay katatapos lang ng grade two na nagtatanong pa kung ano ang ispeling ng helicopter. Halatang napilitan lang ding sumali sa klaseang isang grupo ng mga binatilyo. Wala na silang ibang pinag-usapan kundi ang nalalapit nilang pagpapatuli. Hindi ko maiwasang magsisi 'pag nasisilip ko angmga sesyon sa kabilang kuwarto. Kung bakit kasi hindi ako doon sumama. Parang

retreat lang ang ginagawa nila.  Naghihingahan ng sama ng loob ang mga titser, nagkakantahan at paminsan-minsan ay lumalabas pa ng silid para sumayaw sa hanggang-tuhod na damuhan sa bakuran ng Mt. Carmel.

Isa pa, hirap na hirap akong ipaliwanag sa mga bata ang konsepto ng newsworthiness ng isang pangyayari dahil wala silang maalalang kabala-balita kundi ang pagbagsak ng helikopter na sinasakyan ng mahal nilang gobernador, isang taon na ang nakalilipas.  Kay babata nila pero apat sa kanila ang nagsabing mahal nila ang gobernador dahil ito raw sana ang magpapasemento ng daan mula Burdeos hanggang Polilio at magpapaayos ng supply ng koryente sa isla.  Pinagbigyan ko sila.  O sige, kunwari kahapon bumagsak 'yong helicopter, paano ninyo ibabalita?  Pero hindi naman kahapon nangyari 'yon, reklamo ng batang grade two, matagal na.  Kunwari nga lang, sabi n'ong tutuliin.  O kunwari, sabi ko, dumalaw ngayon si Manny Pacquiao sa Burdeos at namigay ng mga computer, pera at sako-sakong relief goods. Kunwari na naman, sabad ulit ng batang grade two.

Araw-araw pang nababawasan ang mga bata.  Higit tatlumpu ang aming estudyante noong umpisa.  Bente-dos na lang ang natira sa ikalawang araw.  Huwag daw naming ipagtaka, paliwanag ng mga madre, dahil sunod-sunod ang pista sa Burdeos tuwing Mayo.  Alangan namang unahin ang journalism kaysa pista.  At isang grupo ng mga bata ang kailangan pang pagalitan ng mga madre dahil ayaw paawat sa pagbabasketbol habang may sesyon kami.

Pagdating ng Miyerkules, pagkatapos kong ma-workshop ang sinulat na balita ng mga bata, hinanap ko ang Burdeos National High School.  Sa pagtatanong-tanong ay

natagpuan ko ang campus.   Sa labas ng gate nito, may mga nagbebenta ng pop corn(na sa amoy pa lang ay lasang-gaas na), sorbetes at ice drop at napakaraming papel na nagkalat at inaapak-apakan sa paligid.

Nakapaikot ang mga klasrum sa isang patyo na may flagpole sa gitna.  Sa tapat nito'y may dalawang magkakabit na silid na nagsisilbing faculty room.  Sa tapat ng isa sa mga pinto, isang mamang balbas-sarado ang napansin kong namimilipit sa sakit. Sapo-sapo niyaang kanyang salawal na tigmak sa dugo.  Sa pagdaing niya'y aakalain mong paulit-ulit siyang nabayagan.  Pero walang pumapansin sa kanya. Abala ang lahat sa paglalakad, sa pagpapapalipat-lipat sa mga kuwarto, at sa pagpila.

Nakipila rin ako kaagad.  Papasok ang pila namin sa isang kuwartong umaapaw sa mga tao.  Bibihira ang lalaki sa pila; kung hindi matatanda, karamihan sa kanila  ay mga aleng may karga-kargang sanggol.  May hawak na papel ang lahat ng nasa pila. Balak ko sanang magtanong kung saan nakakakuha ng papel pero sinita ako ng aleng nagpapapila.  Bakit wala raw akong papel na hawak.  Kailangan ko raw munang magpa-register, kung hindi, hindi ako aasikasuhin.

Ganoon pala 'yong sistema ng medical mission.  Registration sa unang kuwarto sa gawing kaliwa ng gate ng campus.  Tapos, lilipat ka sa kuwarto ng counseling. Tapos, sa nurses' station para makunan ng blood pressure.  Lalagpasan mo ang mga kuwartong circumcision kung hindi ka magpapatuli.  Kung hindi ka magpapasukat ng salamin ay hindi ka na rin pipila sa kuwarto sa isang kanto, hanggang sa marating mo ang kuwarto para sa general consultation sa gawing kanan.

Kasinghaba ng isang sample ballot ang papel na iniabot sa akin sa registration room. Sa ibaba ng mga personal na detalye ay may isang malaking kahon na kinalalagyan ng tatlong tanong. Bago ang mga tanong ay may maliliit na kahon na kailangan ko raw tsekan, sabi ng babaeng umaasikaso sa akin:

1) Nananalig ka ba sa Panginoon?
2) Tinatanggap mo ba Siya bilang iyong tagapagligtas?
3) Kung hindi, handa ka bang tanggapin Siya sa iyong buhay?

Mahabang tsek ang iginuhit ko sa bawat kahon.

Isang mamang may bigote ang sumalubong sa akin sa counseling room. Pinaupo niya ako sa isang silya. Kaharap ko ang apat pang pasyente. Nagpaliwanag ang mama:*Maikli lang po ito. Mga 10 to 15 minutes. Ginagawa po namin ito para maihanda ang kalooban ninyong mga pasyente sa inyong mga pagdadaanan*. Kinolekta niya ang mga papel namin. Napansin niyang Quezon City ang inilagay kong address. “Kuya, Quezon province po tayo,” pagwawasto niya. “Hindi po, sa Quezon City po ako nanggaling,” pagwawasto ko, “volunteer teacher po ako rito”. “Ay, volunteer din po ba kayo? Aba’y hindi n’yo na kailangang dumaan dito, diretso na kayo ro’n.” Nakaturo siya sa pinanggalingan kong pila. Pinirmahan niya ang aking papel sa pag-aakalang isa ako sa mga kasamahan nila.

Bugbog na ang sugat ko sa kalalalakad kaya paglabas ko sa counseling room ay paika-ika ako. Nilagpasan ko ang nurses’ station at ang circumcision room. Ilang hakbang na nauuna sa akin ang isang binatilyong kalalabas lang mula sa circumcision room. Iika-ika siyang kagaya ko. Kaya kahit anong kirot ng aking sugat sa sakong,

pinilit kong ituwid ang lakad.  Baka isipin pa ng mga nakakakita sa akin na noon ko lang naisipang magpatuli.

Binalikan ko ang pilang naging doble pa ang haba kaysa sa unang dinatnan ko. Halos isang oras ang hinintay ko bago ko narating ang pinto.  Sinalubong ulit ako ng aleng sumita sa akin; hiningi ang papel na hawak ko.  Bakit raw wala akong BP.  Ang sabi ko naman, pinadidiretso na ako rito dahil volunteer teacher ako.  Kahit na raw, lahat ay kailangang magpa-BP.  Kung hindi, hindi ako aasikasuhin. Sa pagbabalik ko raw, sabi niya, doon na raw ako sa may pinto sumingit.  E, di, bumalik ako sa nurses' station, nagpa-BP at sumingit ulit sa pila.

Lahat ng pasyente'y kailangang tumigil nang humigit-kumulang sa limang minuto sa bawat silyang nasa loob ng kuwarto bago nila makausap ang doktor.  Tatlong oras akong nagpalipat-lipat ng inuupuang silya bago ako humantong sa unahan ng pila. Kulob na kulob sa kuwarto ang sari-saring samyo—ang amoy-araw, amoy-pawis, amoy-lupa at anghit.

Mas bata pa sa akin ang doktor na tumingin sa akin.  Tinanong niya ako kung ano'ng nangyari.  Bibigyan niya raw ako ng antibiotics para hindi magnaknak ang sugat. At mefenamic acid, para mabawasan ang pamamaga.  At bibigyan niya rin daw ako ng multivitamins.   Ang alam kong ginagawa niya ay nireresetahan ako kaya noon pa lang ang pinoproblema ko'y baka kailangan ko pang pumunta sa Polilio para mabili ang mga gamot.  Pagkatapos ng konsultasyon, ibinilin ng doktor na iabot ko ang papel sa babaeng nakatanod sa pinto. Sinunod ko siya.  Pinaghintay ako ng babaeng inabutan ko ng reseta. Wala pang sampung minuto, iniabot sa akin ng babae ang isang supot na

may lamang apat na banig ng cloxacillin,at tigdadalawang banig ng mefenamic acid at multivatamins.  May isang maliit na botelya pa ng iodine.

Hatinggabi na'y dilat na dilat pa rin ako.  Dapat sana'y payapa na ako sa loob ng aking kulambo dahil may doktor nang sumuri sa akin.  Pero mahirap sumurot ang konsensiya. May natira pa kayang gamot para sa nasa hulihan ng pila?  Pag-alis ng medical mission, gaano kaya katagal bago sila muling makakalunok ng multivitamins? Gaano karami ang mga pakong naghihintay pang maapakan sa isla?

Maraming salamat lang ang nasabi ko nang hingan ako ng mensahe sa huling araw ng aking pagtuturo.  *Maraming salamat at sana'y makabalik kami rito*. Malay akong iyon ang tipo ng pagpapaalam na may lihim na mensaheng wala akong kabalak-balak na bumalik pa.  Para ano pa?  Para makiagaw sa mga biyayang ambon sa kanila?

Samantala, kapag may nababalitaan akong katrabaho na sasabak sa Gurong-Lingkod, kahit hindi nila hinihingi ay pinapayuhan ko silang kalimutan na nila ang lahat huwag lang ang tsinelas.